

**Ang ika-18 na LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAG-IINGAT UPANG MAPIGILAN  
ANG IMPEKSIYON NG COVID 19**

ANG Kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama  
Marso 5, 2021

**Re: Pagtugon sa Pagtanggap ng “Ikalawang Gawaing Emerhensiya” ng Gobyerno**

Inanunsiyo ng Gobyerno na ang “Ikalawang Gawaing Emerhensiya” ay tatanggalin sa Marso 21. Ang Pagtugon sa Anunsiyong ito ng Gobyerno,

**Ang pagsuspende ng mga pagdiriwang ng mga misa kasama ang kongregasyon ay tatanggalin sa Linggo, Marso 21. Kayo ay hihimukin na gawin ang mga gawain sa Parokya alinsunod sa mga “Gawaing Pag-iingat” ayon sa aking ika-14 na Liham sa ngayon.**

Ang anunsiyo na galing sa Gobyerno ay hindi garantiya na matatapos na ang pagkalat ng Covid 19. As halip, patuloy tayong mag-iingat sa pamamagitan ng pagsisikap na mapigilan ang pagkalat ng vírus,e.g., pagkaroon ng social distancing, habang lumalapit na ang pagdami ng pagkilos ng trapiko ng mga tao.

**Ang mga pansamantalang tatlong pangkalahatang tagubilin**

1. Ang mga misa kasama ang kongregasyon ay papayagang magdiwang isang beses sa Linggo, at dagdag nito ay ang Sabado ng gabi (bilang bihilyang misa sa Linggo).
2. Ang mga misa kasama ang kongregasyon ay sa Japanese lamang, o may parte sa mga pagbasa o panalangin ng bayan na may ibang lengguwahe.
3. Kakausapin kayo na ipagpaliban muna ang mga gawain sa parokya maliban sa napakaimportanteng pangangailangan na mga pagtitipon sa pagpapatakbo o pangangalaga ng parokya (kasama ang mga paglilibing).

(Matatanggap ninyo ang ibayong mga tagubilin kung sakaling seryosong dadami ang pagkalat ng Covid 19)

**Ang espesyal na mga tagubilin sa Liturhiya ng Semana Santa**

Linggo ng Palaspas ng Pagpapasakit ng Panginoon: Ang prosesiyon ng kongregasyon ay ipinagbabawal.

Huwebes Santo ng Huling Hapunan ng Panginoon: Ang Paghuhugas ng Paa ay suspendido.

Biyernes Santo ng Pagpapasakit ng Panginoon: Sa pagsamba sa Banal na Krus, ang prosisiyon ng kongregasyon ay pinagbabawal.

**Ang Banal na Gabi ng Bihilya ng Muling Pagkabuhay: Sa panahon ng *Lucernarium* (Pagbabasbas ng Apoy at Paghahanda ng Kandila) ang kongregasyon ay himukin na maghintay sa loob ng simbahan at walang prusisyon.**

**Misa sa Araw ng Muling Pagkabuhay: Pinapayagan na magdiwang ng misa dalawang beses sa Linggo ng Muling Pagkabuhay, kung masunod ninyo ang mga gawaing pag-iingat para mapigilan ang impeksiyon ng Covid 19**

Maraming salamat sa inyong pang-unawa at kooperasyon.